

COVID-19

Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County

Mga Madalas na Katanungan sa Pampamilyang Pangangalagang Pambata (Family Child Care)

Mga Madalas na Katanungan

1. Kailan at paano ako mag-uulat sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County (DPH)?

- I-ulat kung may natukoy kang 1 o mas marami pang **mga kaso ng COVID-19 na kumpirmado ng laboratoryo** (kumpirmadong positibong kaso) na nasa tahanan ng pangangalagang pambata (child care home) sa anumang punto sa loob ng 14 na araw bago ang pagsisimula ng sakit (ang petsa ng pagsisimula ng sakit ay ang unang petsa ng mga sintomas ng COVID-19 o ang petsa ng pagsusuri sa COVID-19, alinman ang nauna). Ang nahawahang tao ay maaaring miyembro ng kawani, isang bata, miyembro ng sambahayan, o bisita sa iyong lugar.
- Ang matatag na pag-uulat online ay ang pinakamahasag na paraan para abisuhan ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan tungkol sa mga pagkakatantad sa COVID-19. Maaari itong gawin sa kompyuter o mobile na aparato na may akses sa ligtas na web application. Maaari mong mai-download ang app sa pamamagitan ng pagpunta sa: <http://www.redcap.link/lacdph.educationsector.covidreport>
- Kung hindi mo magamit ang app, i-download at kumpletuhin ang [COVID-19 Linyang Listahan ng Kaso at Kontak para sa Sektor ng Edukasyon](#) at ipadala ito sa ACDC-Education@ph.lacounty.gov. Repasuhin ang mga tagubilin sa pagprotektang password sa katapusan ng dokumentong ito upang matutunan kung paano protektahan ang dokumento bago i-email ito.
- Kung ang pag-gamit (access) ng kompyuter at/o internet para sa pag-uulat ay isang hamon, mangyaring tawagan ang 888-397-3993.
- Ang lahat ng mga notipikasyon ng kaso ay dapat na isumite sa loob ng 1 araw ng negosyo pagkatapos mong maabisuhan sa kaso.
- Kung mayroon kang anumang katanungan tungkol sa pagkakatantad o inaasahan na kailangan mo ng higit sa isang araw ng negosyo para kumpletuhin ang listahan ng linya, maaari mong i-email ang ACDC-Education@ph.lacounty.gov para humiling ng ekstensyon. DAPAT mong kumpletuhin at isumite ang Listahan ng Linya ng Kaso at Kontak sa lalong madaling panahon.
- Kung mayroon kang 3 o mas marami pang kumpirmadong kaso ng COVID-19 sa loob ng 14 na araw, inaatasan kang iulat ito **kaagad** sa pamamagitan ng pagsunod sa mga hakbang sa pag-uulat na nasa itaas.

2. Paano ko malalaman kung nagkaroon ng pagkakatantad sa pampamilyang tahanan ng pangangalagang pambata?

Kung ang positibong kaso (alinman sa isang taong may positibong pagsusuri sa COVID-19 o isang taong nakatanggap ng dyagnosis ng COVID-19 mula sa kanilang medikal na tagapag-alaga) **AY NASA** tahanan ng pangangalagang pambata sa ***panahon na sila ay nakakahawa***, kung gayon ay nagkaroon ng pagkakatantad sa iyong pasilidad.

- Ang panahon na nakakahawa (panahon kung kailan ang kaso ay maaaring makahawa ng iba) ay tinukoy bilang anumang punto mula dalawang araw bago ang simula ng kanilang mga sintomas hanggang sa 10 araw ang nakalipas mula nang unang nagsimula ang kanilang mga sintomas AT wala na silang lagnat sa hindi bababa sa 24 na oras (nang hindi gumagamit ng gamot na nakapagpapababa ng lagnat) AT ang kanilang mga sintomas ay bumuti na.
- Kung ang nahawahang tao ay hindi nagkaroon ng mga sintomas, ang panahon na nakakahawa ay tinukoy bilang dalawang araw bago sila nasuri at tatagal ng 10 araw pagkatapos noon.

Kung ang indibidwal **ay WALA** sa tahanan ng pangangalagang pambata sa kanilang panahon na nakakahawa, kung ganoon ang tahanan ng pangangalagang pambata **ay hindi** nagkaroon ng pagkakatantad. Gayunpaman, tulad ng nakasaad sa itaas, ang tahanan ng pangangalagang pambata ay inaatasan pa rin na iulat ang anumang mga kumpirmadong kaso kung ang nahawahang tao ay nasa lugar anumang oras sa loob ng 14 na araw bago ang pagsisimula ng sakit, kahit na matukoy ng may-ari ng tahanan ng pangangalagang pambata na walang naganap na pagkakatantad.

COVID-19

Kagawaran ng Pamublikong Kalusugan ng Los Angeles County Mga Madalas na Katanungan sa Pampamilyang Pangangalagang Pambata (Family Child Care)

3. Paano ko malalaman kung kailan ituturing ang isang tao bilang malapitang nakasalamuha (nalantad) ng kaso ng COVID-19?

Ang isang tao ay itinuturing na malapitang nakasalamuha* kung sila ay nagkaroon sa alinman sa mga sumusunod na pagkakalantad sa taong nadayagnos na may COVID-19 sa panahon na nakakahawa:

- Sila ay nasa loob ng 6 na talampakan mula sa isang taong may COVID-19 sa kabuuan na 15 minuto o higit pa sa panahon na 24 na oras, **O**
- Nagkaroon sila ng hindi protektadong kontak sa mga likido ng katawan at/o mga inilalabas ng katawan mula sa taong may COVID-19. Halimbawa, sila ay naubuhan o nabahingan, o nakigamit sa inuming tasa o mga kubyertos sa pagkain, o nagbigay ng pangangalaga sa kanila nang hindi nagsusuot ng tamang kagamitang pamprotekta.

Kung ang malapitang nakasalamuha ay ganap nang nabakunahan at walang mga sintomas, sila ay hindi kailangang magkulong (quarantine). Kung ang mga malapitang nakasalamuha ay hindi pa ganap na nabakunahan, dapat silang sumunod sa [mga tagubilin sa pagkukulong \(quarantine\)](#).

*Ang gabay ng COVID-19 sa sektor ng edukasyon ay nagbabago. Regular na repasuhin ang [Plano sa Pamamahala ng Pagkakalantad sa mga Lugar ng Maagang Pangangalaga at Edukasyon](#) para sa pinakabagong kahulugan ng malapitang nakasalamuha sa sektor ng edukasyon.

4. Kailan itinuturing na ganap nang nabakunahan ang isang tao?

Ang isang tao ay itinuturing na ganap nang nabakunahan laban sa COVID-19 2 linggo pagkatapos na::

- Sila ay nabakunahan ng isang dosis ng bakuna sa COVID-19 na Johnson & Johnson (J&J)/Janssen , or
- Sila ay nabakunahan ng pangalawang dosis ng bakunang Pfizer o Moderna, o
- Sila ay nakatapos sa serye ng [bakuna](#) sa COVID-19 na nakalista na para sa emerhensyang paggamit ng World Health Organization (halimbawa, AstraZeneca/Oxford at Sinopharm)

Kung wala pang 2 linggo pagkatapos ng kanilang pangalawa o tanging dosis, sila ay wala pang sapat na proteksyon mula sa virus ng COVID-19 upang ligtas na ihinto ang anumang mga hakbang sa pagpigil.

Tingnan ang [Kapag Ikaw ay Ganap nang Nabakunahan](#) na web page para sa mas marami pang impormasyon, kabilang ang karagdagang mga rekomendasyon para sa mga indibidwal na may mahihinang sistema ng imyunidad.

5. Ano ang kailangang mangyari kung nagkaroon ng pagkakalantad sa aking tahanan ng pangangalagang pambata?

- **Magbukod:** Ang [\(mga\) kaso](#) ay dapat na magbukod tulad ng iniuutos sa [mga tagubilin sa pagbubukod](#) ng Kagawaran ng Pamublikong Kalusugan.
- **Magkulong (quarantine):** Ang lahat ng mga malapitang nakasalamuha ng taong may COVID-19 ay dapat agad umalis sa pampamilyang tahanan ng pangangalagang pambata at sundin ang [mga tagubilin sa pagkukulong \(quarantine\)](#). Regular na repasuhin ang [Plano sa Pamamahala ng Pagkakalantad sa mga Lugar ng Maagang Pangangalaga at Edukasyon](#) para sa pinakabagong kahulugan ng malapitang nakasalamuha at gabay sa pagkukulong sa sektor ng edukasyon.
- **Linisin/Disimpektahin ang iyong tahanan tulad ng inilarawan sa Mapagkukunan #5, sa ibaba.**
- **I-ulat tulad ng inilarawan sa Seksyon 1, sa itaas.**
- **Kung may taong nalantad o nahawahan na residente ng tahanan ng pangangalagang pambata, isara**

COVID-19

Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County

Mga Madalas na Katanungan sa Pampamilyang Pangangalagang Pambata (Family Child Care)

pansamantala ang pasilidad: Ang pasilidad ay dapat na manatiling sarado habang ang sinuman na naninirahan sa tahanan ng pangangalagang pambata ay sumailalim sa pagbubukod o pagkukulong (quarantine). Maaari lamang na muling magbukas ang pasilidad pagkatapos na ang lahat ng naninirahan sa pampamilyang tahanan ng pangangalagang pambata ay nakumpleto na ang iniaatas na panahon ng pagbubukod o pagkukulong. Ang mga hindi nakatirang kawani doon at mga bata ay dapat ring kumpletuhin ang kanilang indibidwal na pagbubukod o pagkukulong bago bumalik sa lugar.

6. Kailan ko kailangang isara ang aking pampamilyang tahanan ng pangangalagang pambata?

Ang tahanan ng pangangalagang pambata ay dapat na magsara sa lahat ng mga sumusunod na sitwasyon. Ang pampamilyang tahanan ng pangangalagang pambata ay dapat ring manatiling sarado habang sinuman na naninirahan sa tahanan ng pangangalagang pambata ay sumasailalim sa pagbubukod o pagkukulong. Dagdag pa rito, ang lahat ng mga inaatas na nakalista sa Seksyon 5 ay nalalapat.

- **Sitwasyong #1:** Kung ang bata o kawani na kumpirmado sa COVID-19 ay nasa iyong tahanan ng pangangalagang pambata sa *panahon na sila ay nakakahawa* tulad ng tinukoy sa itaas, maaaring nalantad sa kanila ang iba pa sa lugar. Kung ang tagapagbigay ng pangangalagang pambata (child care provider) ay hindi nagawang kilalanin kung sinong mga bata at kawani ang mga malapitang nakasalamuha, kung ganun ang lahat ng mga bata at kawani ay dapat na sumunod sa mga tagubilin ng pagkukulong (quarantine).
- **Sitwasyong #2:** Kung may isang tao na naninirahan sa pampamilyang tahanan ng pangangalagang pambata ang **nasuring positibo**, ang pampamilyang tahanan ng pangangalagang pambata ay dapat na magsara. Ang tagapagbigay ng pangangalagang pambata (child care provider) ay dapat ding alamin kung ang sinuman ay malapitang nakasalamuha ng kaso at utusan sila na magkulong (quarantine). Kung ang tagapag-alaga (provider) ay hindi nagawang isapwera (rule out) ang pagkakalantad sa tahanan ng pangangalagang pambata ngunit hindi kayang kilalanin nang malinaw ang mga taong naging malapitang nakasalamuha, kung gayon ang lahat ng mga bata at kawani ay dapat na magkulong (quarantine). Ang tagapagbigay ng pangangalagang pambata ay inaatasan na iulat ang kasong ito sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan, tulad ng inilarawan sa Seksyon 1, sa itaas.
- **Sitwasyong #3:** Kung may isang taong naninirahan sa pampamilyang tahanan ng pangangalagang pambata ang nalantad (ituturing na malapitang nakasalamuha) at inatasan na magkulong tulad ng iniuutos sa [mga tagubilin sa pagkukulong \(quarantine\)](#) at ang lugar ay dapat na isara nang pansamantala.

7. Kailan ko hindi dapat isara ang aking pampamilyang tahanan ng pangangalagang pambata?

Hindi mo kailangang isara ang iyong tahanan ng pangangalagang pambata kung ang bata o miyembro ng kawani **na hindi naninirahan sa tahanan ng pangangalagang pambata** ay nalantad sa COVID-19 sa labas ng tahanan ng pangangalagang pambata. Ang taong ito ay ituturing na malapitang nakasalamuha at dapat na sumunod sa mga tagubilin ng pagkukulong, kabilang ang hindi pagtanggap (exclusion) mula sa iyong pangangalagang pambata. Subalit, kung ang nalantad na bata o kawani ay nasuring positibo sa panahon ng kanilang pagkukulong **at** sila ay nasa iyong tahanan ng pangangalagang pambata nong panahong sila ay nakakahawa, kung gayon sundin ang Sekyon 6, Sitwasyong #1 at lahat ng mga hakbang sa Seksyon 5.

Hindi mo rin dapat na isara ang iyong lugar kung ang **lahat** ng mga miyembro ng sambahayan na nalantad at/o kawani ay ganap nang nabakunahan, tulad ng itinukoy sa Seksyon 4.

Mga dokumentong patnubay, mga mapagkukunan ng impormasyon, at mga protokol para repasuhin at sundin:

1. [COVID-19 Toolkit sa Maagang Pangangalaga at Edukasyon](#): Ito ay maglulunsad ng pahina (landing page) para sa mga ECE. Mayroon ito ng lahat ng makabuluhang mapagkukunan ng impormasyon para sa iyong sektor kabilang ang nagtuturong [video](#) sa kung paano magsumite ng online na ulat at [video](#) sa kung paano kumpletuhin ang excel na bersyon ng listahan ng linya ng kaso at kontak. Sa ibaba ay ang mga nag-uugnay (link) sa mga susing dokumento na maaari mong iakses mula sa toolkit na ito.

COVID-19

Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County

Mga Madalas na Katanungan sa Pampamilyang Pangangalagang Pambata (Family Child Care)

2. [Dokumentong Patnubay sa Maagang Edukasyong Pambata](#): isang buod ng mga patakaran at mga pinakamahusay na kasanayan para sa mga tagapagbigay ng ECE upang pagbutihin ang kaligtasan at pababain ang panganib ng transmisyon ng COVID-19 sa mga kapaligiran ng ECE.
3. [Plano sa Pamamahala ng Pagkakatantad sa Maagang Pangangalaga at Edukasyon](#): Idirirekta ka ng dokumentong ito sa mga patakaran at inirerekomendang hakbang na gagawin kapag mayroon kang kumpirmadong kaso ng COVID-19 sa iyong pangangalagang pambata.
4. [Mga Landas ng Desisyon sa Pagkakatantad at Pagsusuri para sa mga Bata at Empleyado sa mga Institusyong Pang-edukasyon](#): Ang dokumentong ito ay ipinapakita sa iyo kung ano ang kailangan mong gawin kung ang bata/empleyado ay nasuring positibo sa mga sintomas.
5. [Paglilinis sa Tahanan](#)
6. Inirerekomenda na ang sinuman na nangangailangan ng pagsusuri sa COVID-19 ay dapat na makipag-ugnay sa kanilang pangunahing tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan (healthcare provider). Kung hindi ito pwedeng piliin, bisitahin ang <https://corona-virus.la/covid-19-testing> para sa impormasyon tungkol sa pagsusuri at upang gumawa (schedule) ng tipanan (appointment) para sa pagsusuri.
7. Para sa impormasyon tungkol sa Pagbabakuna sa COVID-19 at para gumawa (book) ng tipanan (appointment), mangyaring bisitahin ang VaccinateLACounty.com

Para makakuha ng mas marami pang impormasyon tungkol sa sakit na novel coronavirus (COVID-19) o para sa mga pinakabagong pagbabago at mga Utos ng Opisyal ng Kalusugan kaugnay sa COVID-19, mangyaring bisitahin ang [Website ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan](#). Mangyaring makipag-ugnay sa ACDC-Education@ph.lacounty.gov sa anumang mga katanungan tungkol sa pamamahala ng pagkakatantad.

**Kung HINDI MO MAGAWANG magsumite ng mga ulat sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan sa pamamagitan ng REDCap at binabalak na magsumite ng iyong ulat gamit ang Excel na bersyon ng Listahan ng Linya ng Kaso at Kontak, ang Excel sheet ay dapat na protektado ng password.
Ang mga tagubilin ay ang mga sumusunod:**

PASSWORD NA PINOPROTEKTAHAN ANG LISTAHAN NG LINYA NG KASO AT KONTAK – MGA TAGUBILIN

Upang protektahan ang Personal na Impormasyon sa Kalusugan (Personal Health Information o PHI) na kasama sa mga listahan ng linya ng kaso at kontak na Excel, ang mga excel workbook ay dapat na protektado ng password:

1. Sa Windows, iklik ang "File" > "Info" sa kaliwang bahaging laso (ribbon).
2. Iklik ang "Protect Workbook" tapos ay "Encrypt with Password"
3. Ilagay (type) ang password, iklik ang OK at muli itong ilagay (type). I-save ang file.
4. Sa hiwalay na email, i-email ang password sa ACDC-education@ph.lacounty.gov. Ipadala ang excel file sa hiwalay na email.
5. Sa Mac, iklik ang "File" pagkatapos ay "Passwords"
6. Maglagay (type) ng password sa espasyong "Password to Open". Siguruhin na ang "Read-only recommended" ay iniwang hindi nakatsek. Iklik ang OK. Ilagay (type) muli ang password at iklik ang OK. I-save ang file.
7. Sa hiwalay na email, i-email ang password sa ACDC-education@ph.lacounty.gov. Ipadala ang excel file sa hiwalay na email.